

Pagtugon ng CleanPowerSF sa Coronavirus (COVID-19)

NARITO KAMI PARA TUMULONG

Alam namin ang mga paghihirap na maaaring nararanasan ng aming mga customer dahil sa pandaigdigang coronavirus (COVID-19) pandemic. Nananatili kaming nakatuon sa pagsuporta sa inyo sa panahon ng krisis na ito sa pamamagitan ng pag-aalok sa inyo ng mga dagdag na suporta at proteksyon para sa customer, na makikita ninyo sa ibaba.

Kung hindi kayo makakabayad ng inyong bill ng kuryente dahil sa epekto ng COVID-19, hindi kayo puputulan ng kuryente.

MGA SUPORTA AT PROTEKSYON SA CUSTOMER

Katuwang ang PG&E, makapagbigay kami sa inyo ng tulong sa pamamagitan ng pag-aalok sa mga sumusunod na suporta:

- Hindi na ibabalik ng CleanPowerSF ang mga customer ng CleanPowerSF sa serbisyo ng PG&E dahil sa late na pagbabayad. Mananatiling nakalapat ang patakaran hangga't walang abiso. Para sa mga tanong, tumawag sa (415) 554-0773.
- Hindi puputulan ng PG&E ang mga residente o maliit na negosyong customer ng CleanPowerSF dahil sa hindi pagbabayad at isasantabi nito ang mga kinakailangan sa deposito at bayarin sa pagiging late. Mananatiling nakalapat ang patakaran hangga't walang abiso.
- May mga available na flexible na plano sa pagbabayad para suportahan ang mga customer ng CleanPowerSF sa mahirap na panahong ito. Tumawag sa 1-800-743-5000 para makipag-ayos tungkol sa pagbabayad.
- Magbibigay ang PG&E ng dagdag na suporta sa mga customer na kasali sa Medical Baseline sa loob ng hanggang labindalawang buwan mula Marso 4, 2020.
 - Sususpindihin ng PG&E ang lahat ng pagtatanggal ng customer sa Medical Baseline Program.
 - Hindi na kailangang magpa-certify muli ng mga customer sa pamamagitan ng isang doktor o iba pang kwalipikadong medikal na propesyonal.
 - Puwedeng i-certify ng mga customer ang kanilang pagiging kwalipikado sa Medical Baseline Program.

Tingnan kung kwalipikado kayo para sa dagdag na suporta. Puwedeng maging kwalipikado ang mga customer para sa mas mababang rate ng enerhiya sa pamamagitan ng mga program gaya ng California Alternate Rates for Energy (CARE), kung saan makakatipid nang 35% ang mga sambahayan sa kanilang mga buwanang bill ng kuryente at 20% sa mga buwanang bill ng gas. Kung natanggal kayo kamakailan sa inyong trabaho, puwede pa rin kayong maging kwalipikado kahit na nakatatanggap kayo ng mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho. Nakabatay ang mga pamantayan sa kita sa kasalukuyan ninyong kita, hindi sa dati ninyong kita. **Makakuha ng higit pang impormasyon sa pinansyal na tulong.**

Mas pinaaga na ang mga petsa para sa 2020 **California Climate Credit program** at makatatanggap na ang mga customer ng CleanPowerSF ng mga credit sa bill ng kuryente sa Abril, Mayo, at Hunyo ng taong ito. Nakalista sa ibaba ang mga eksaktong credit sa bill ng kuryente ayon sa buwan: Abril - \$35.73, Mayo - \$17.87, Hunyo - \$17.86.

MGA BAGONG ORAS NG CALL CENTER

Ikalulugod namin kayong paglingkuran sa mga bagong oras ng aming call center mula 8 a.m. - 5 p.m., Lunes - Biyernes. Makipag-ugnayan sa amin sa (415) 554-0773 o mag-email sa cleanpowersf@sfgov.org.

MGA UPDATE SA COVID-19

Para sa mga pinakabagong update tungkol sa pagtugon ng San Francisco sa COVID-19, bisitahin ang [sf.gov](https://www.sfgov.org) o tawagan ang 311.